Australian Government
Attorney-General's Department

PANATILIHING LIGTAS ANG AUSTRALIA.
PANATILIHING DUMADALOY ANG IMPORMASYON

NATIONAL SECURITY HOTLINE
1800 1234 00

Seryosong pinapakinggan ng mga nagsanay na opereytor ang bawat tawag. Ikaw ay maaaring manatiling hindi nakikilala.

Pambansang Seguridad – nakatutulong ang bawat detalye

Ang bawat impormasyong tinatanggap namin mula sa mga miyembro ng publiko sa kasalukuyan ay maaaring maging napakahalaga sa pagpapanatiling ligtas ng Australia sa kinabukasan mula sa terorismo. Kadalasan ang pinakamaliit na mga detalye ang nakagagawa ng pinakamalaking pagkakaiba. Kaya, kung ikaw ay makakita o makarinig ng anumang bagay na sa iyong palagay ay hindi tama, mangyari lamang na tawagan ang Linyang Pang-impormasyon ng Pambansang Seguridad at panatilihing dumadaloy ang impormasyon.

Ano ang Linyang Pang-impormasyon ng Pambansang Seguridad?

Ang Linyang Pang-impormasyon ng Pambansang Seguridad **(1800 1234 00)** ay isang libreng numero ng telepono na magkokonekta sa iyo sa mga autoridad upang mag-ulat ng posibleng mga teroristang gawain sa Australia. Ang Linyang Pang-impormasyon ay gumagana sa loob ng 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Mahalagang mapanatiling dumadaloy ang impormasyon—bawat impormasyong tinatanggap namin mula sa mga miyembro ng publiko sa kasalukuyan ay maaaring maging napakahalaga sa pagpapanatiling ligtas ng Australia mula sa terorismo sa kinabukasan.

Ano ang dapat iulat sa Linyang Pang-impormasyon ng Pambansang Seguridad?

Ang mga terorista ay umaasa sa sorpresa, kayat kadalasan magiging mahirap magbigay ng impormasyon sa publiko ng tiyak na listahan ng posibleng mga palatandaan ng terorismo. Gayunpaman, ang lokal at pang-ibayong dagat na karanasan ay nakapagbigay sa amin ng ilang posibleng mga palatandaan kung ano ang dapat bantayan. Habang nagtatrabaho nang husto ang mga ahensyang pangseguridad ng Australia upang makatulong na protektahan ang Australia mula sa terorismo, ang mga miyembro ng publiko ay makatutulong na makumpleto ang paglalarawan. Ang polyetong ito ay nagbibigay ng ilang mga halimbawa ng mga bagay na dapat bantayan.

Ang di-pangkaraniwang pagkuha ng video o litrato ng opisyal na mga gusali o iba pang mahalagang impraistuktura

Ang pagkuha ng video ay isa sa mga paraang ginagamit ng mga terorista upang mangalap ng impormasyon tungkol sa isang puntirya. Kung ikaw ay nakakita ng sinumang taong gumagamit ng video, mga kamera, o mga kamera ng telepono sa isang paraang kahinahinala, (at ang mga ito ay hindi mukhang mga turista) kung gayon iulat ito.

Kahinahinalang mga sasakyan malapit sa mahalagang mga gusali o sa mataong mga lugar na pampubliko

Ang mga terorista ay gumagamit ng mga sasakyan para sa maraming magkakaibang mga layunin, mula sa pagmamatyag hanggang sa pagtatanim ng mga bomba. Ang mga sasakyan ay maaaring iparada nang hindi pangkaraniwang mahabang oras, kung minsan sa mga lugar na bawal ang pumarada. Ang mga pampasabog ay maaaring mabigat, kayat maaaring mas mababa sa normal ang pagkakapuwesto ng suspensyon ng mga kotse o mga van. Ang mga ito ay maaring hindi rehistrado, o may huwad o walang numero ng plaka.

Kahinahinalang mga pangangailangan para sa tirahan

Kung minsan, ang mga tao ay gumagamit, umuupa o bumibili ng tirahan sa isang kahinahinalang paraan kung saan sila ay maaaring nagtatrabaho upang maorganisa ang isang teroristang pag-atake. SA UK, ang isang inupahang garahe ay ginawang pabrika ng bomba. Ang isang miyembro ng publiko ay nag-ulat ng kakaibang mga pagdating at pag-alis ng mga lalaking may suot na mga guwantes, na nagbigay daan sa pagka-aresto ng mga teroristang nakagawa na ng mga pag-atake sa Paliparan ng Heathrow nang tatlong beses.

Di-pangkaraniwang mga pagbili ng mga kemikal, mga pampasabog at pamprotektang kagamitan

Ang mga kemikal ay ginamit na sa mga teroristang pag-atake sa buong mundo. Ang mga kemikal na ito ay karaniwang makukuha mula sa mga produktong pambahay, pang-agrikultura, pangbeterinaryo, pang-industriya at pampaganda. Kung ikaw ay nakakita ng di pangkaraniwang mga pagbili ng mga kemikal at mga pamprotektang kagamitan, ireport ang mga ito sa Linyang Pang-impormasyon ng Pambansang Seguridad.

May bagay na hindi tama

Ang mga taong nagbabalak gumawa ng pagkilos ng terorismo ay maaaring kumilos nang hindi pangkaraniwan o kahinahinala o ang kanilang mga kahilingan ay hindi kapani-paniwala. Isang halimbawa ng di-kapani-paniwalang kilos na ito ay nakita sa mga teroristang may kagagawan sa mga pag-atake noong ika-11 ng Setyembre sa Estados Unidos. Nagsanay sila sa pagpapalipad ng eruplano, ngunit hindi sila interesadong matuto kung paano ang paglipad o paglapag. Maging kaninahinala man o hindi ang isang bagay ay nakadepende sa mga pangyayari. Tingnan ang sitwasyon sa kanyang kabuuan.Kung ikaw ay nangangamba sa mga ikinikilos ng isang tao dahil sa hindi kapani-paniwala ang mga ito, tawagan ang 24- oras na Linyang Pang-impormasyon ng Pambansang Seguridad sa **1800 1234 00**.

Mali o maraming pagkakakilanlan

Ang mga taong nagbabalak ng pagkilos ng terorismo ay kadalasang gumagamit ng ninakaw o huwad na mga dokumento, kabilang ang mga credit card, mga pasaporte at mga lisensiya sa pagmamaneho. Maaari din silang magkaroon ng maraming pagkakakilanlan at maaari ding magbigay ng magkakasalungat na mga detalye sa kanilang mga nakakausap.

Tandaan, kadalasan ang pinakamaliit na mga detalye ang nakagagawa ng pinakamalaking pagkakaiba. Kung ikaw ay makakita o may alam na anumang pagkilos na iyong ikinababahala, kumuha ng mas maraming mga detalye hanggat maaari. Kabilang sa mga detalyeng makatutulong sa mga autoridad ay: mga kalye ng mga address, petsa, oras, numero ng telepono, numero ng plaka, at mga paglalarawan.

Mga detalye ng pagkontak

Kung ikaw ay may nakita o narinig na isang bagay na sa pakiramdam mo ay hindi tama, mangyari lamang na tawagan ang Linyang Pang-impormasyon ng Pambansang Seguridad at panatilihing dumadaloy ang impormasyon. Tandaan, kadalasan ang pinakamaliit na mga detalye ang nakagagawa ng pinakamalaking pagkakaiba.

Telepono: **1800 1234 00**
Email: hotline@nationalsecurity.gov.au
Bisitahin ang: australia.gov.au/nationalsecurity